MERCK

Ang Shingles

Isang sakit na dapat seryosohin.

Ang Panganib

98% ng mga adulto sa Estados Unidos ay naimpeksiyon ng virus ng bulutong-tubig, at nasa panganib para sa Shingles.

Ang Shingles ay dulot ng parehong virus na nagdudulot ng bulutong-tubig. Kapag ang tao ay nagkaroon na ng bulutong-tubig, maaaring mabuhay ang virus ngunit manatiling hindi aktibo sa ilang mga ugat ng mga nerbiyo sa loob ng iyong katawan nang maraming taon. Kung maging aktibo ito muli, kadalasan sa huling bahagi ng buhay mo, maaari itong magdulot ng Shingles. Ang panganib ng Shingles ay tumataas habang ikaw ay tumatanda. Ang Shingles ay maaaring maka-apekto sa kahit na sinong nagkaroon na ng bulutong-tubig kahit kailan, ng walang babala. Walang paraan upang masabi kung sino ang magkaka-Shingles o kung kailan ito magaganap.

Ang Sakit

Ang mga unang senyales ng Shingles ay kadalasan nararamdaman at maaaring hindi makita.

Kasama rito ang: • pangangati • pamimintig • pakiramdam ng init

Makalipas ang ilang araw, may pamumutlig na mga paltos na puno ng likido na lalabas (kadalasan sa isang bahagi ng katawan o mukha). Ang mga paltos ay maaaring umabot ng 2 hanggang 4 na linggo upang gumaling.

Ang Shingles ay maaaring maging masakit at maaaring magdulot ng malalang mga problema.

Para sa karamihan ng mga tao, ang sakit mula sa pamumutlig ng Shingles ay nababawasan habang ito ay gumagaling. Matapos gumaling ng butlig, gayunman, ang Shingles ay maaaring tumuloy sa sakit na tumatagal ng ilang buwan o taon sa ilang mga tao. Ang pangmatagalang sakit sa ugat na ito na tinatawag na postherpetic neuralgia o PHN, na nagaganap dahil ang virus na nagdudulot ng Shingles ay maaaring makasira sa ilang mga nerbiyo.

Maaaring paiba-iba ang pananakit: • pakiramdam ng init at pagpintig • tila tumutusok at kumirot.

Para sa karamihan ng mga tao na may pangmatagalang pananakit sa nerbiyo, kahit na ang pagdampi ng malambot na damit sa balat ay maaaring maging masakit.

Ang ibang mga malalang problema na maaaring magresulta sanhi ng Shingles ay impeksiyon ng balat, kahinaan ng kalamnan, pagpepeklat, at pagkabawas o kawalan ng paningin o pandinig.

Ang Salik sa Edad

Habang ikaw ay tumatanda, higit kang nasa panganib para sa Shingles.

Ito ay dahil hindi maipagtanggol ng iyong katawan ang sarili nito laban sa mga mikrobyo na nagdudulot ng Shingles (sakit sa balat) tulad noon nang ikaw ay bata pa.

- Tinatayang kalahati sa halos 1 milyong kaso ng Shingles sa Estados Unidos bawat taon ay nagaganap sa mga taong 60 taong gulang o mas matanda.
- 1 sa 2 tao na umaabot sa edad na 85 ay magkakaroon ng Shingles.

Habang tumatanda ka, mas lalo kang nanganganib sa pangmatagalang sakit sa nerbiyo.

Ang pangmatagalang sakit sa nerbiyo ay mas masakit at mas tumatagal sa mga mas nakatatandang adulto.

Ang Paggagamot

Makipag-usap sa iyong doktor o propesyonal na tagapag-alaga ng kalusugan kaagad kung sa iyong palagay ay mayroon kang Shingles upang masimulan ang paggamot sa lalong madaling panahon.

Ang Pinakamahusay na Paraan upang Lubos pang Magkaroon ng Kaalaman

Ang iyong doktor o propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ay makakasagot sa iyong mga tanong tungkol sa Shingles at kung ikaw ay nasa panganib.

Maaari ring dagdagan pa ang iyong kaalaman tungkol sa Shingles sa **shinglesinfo.com.**

MERCK

Karapatang-Ari © 2009 Merck & Co., Inc.
Nakalaan ang lahat ng mga karapatan.

20952855(12)-11/09-ZOS